# Mga Katanungan sa Pag-aalaga ng Pusa・Aso, atbp.
## (Gifu Prefectural Health and Sanitation Division)

**＜Q1＞**

**May mga regulasyon ba sa pag-aalaga ng aso?**

**＜A1＞**

Kinakailangan ang pagpaparehistro ng aso isang beses sa buong buhay nito at ang pagpapabakuna ng laban sa rabies isang beses sa 1 taon. Upang hindi makapagdulot ng kapinsalaan sa ibang tao, tiyakin na nakakabit ang kadena atbp. ng maayos at alagaan ito sa loob ng bahay.

Upang hindi makapang-abala ang aso sa ibang tao habang namamasyal, siguraduhing nakatali ang aso habang pinapa-ehersisyo.

At kapag dumumi ang aso habang namamasyal, tungkulin ng may-ari ng aso ang paglilinis nito.

**＜Q2＞**

**Kailan maaaring isagawa ang pagpaparehistro at pagpapabakuna laban sa rabies ng aso?**

**＜A2＞**

Kinakailangang iparehistro ang aso isang beses sa buong buhay nito. Mangyari lamang ay iparehistro ito sa munisipyo ng tinitirhang munisipalidad pagsapit ng higit 91 araw matapos ipanganak (o di kaya`y sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap nito). Matapos ang pagpaparehistro, magbibigay ang munisipyo ng etiketa, mangyari lamang na ikabit ito sa kulyar ng aso.

Ang bakuna laban sa rabies ay kinakailangang isagawa isang beses sa isang taon. Ipinapatupad ito sa buwan ng Abril hanggang Hunyo, mangyari lamang na magtanong sa munisipyo ng tinitirhang munisipalidad. Kapag naisagawa na ang pagbakuna magbibigay ng etiketa na nagpapatunay na tapos ng napabakunahan ang aso laban sa rabies, pagkatapos ay ikabit ito sa kulyar ng aso.
Kung sakaling hindi napabakunahan ang aso sa buwan ng Abril hanggang Hunyo, pabakunahan ang aso sa Ospital ng mga Aso at mangyari lamang ay ipagbigay-alam ito sa munisipyo ng tinitirhang munisipiladad.

**＜Q3＞**

**Kapag nakakagat ang aking aso, ano ang nararapat kong gawin?**

**＜A3＞**

Matapos maisagawa ang first-aid treatment sa biktima, mangyari po lamang na isugod ito sa ospital at ipasuri. Sa ospital, ilahad sa manggagamot o doktor na nakagat ito ng aso, ang kasaysayan ng pagbabakuna laban sa rabies ng aso atbp. Para sa tagapag-alaga ng aso, magsumite sa pinakamalapit na Public Health Center ng Pahayag ng Aksidente, at sundin ang mga kautusan. Kinakailangan din ang pagpapasuring-medikal sa aso ayon sa beterinaryo.

**＜A4＞**

**Kapag nawawala ang aking aso, ano ang nararapat kong gawin?**

**＜A4＞**

Madaliing ipagbigay-alam ito sa Public Health Center o di kaya`y sa himpilan ng pulis. Ilarawan lalo na ang katangian ng aso (uri, kasarian, laki, kulay ng balahibo, kung wala o meron itong kulyar, at iba pang mga katangian at ang lugar kung saan ito nawala, idetalye ang pagkakasunud-sunod na mga nangyari. Mangyari lamang din na tingnan ang website ng Prepektura 「Impormasyon para sa Nawawalang Aso」. Sa Public Health Center ng Prepektura ng Gifu ipapakita ang mga imporamsyon tungkol sa nawawalang aso ninyo.

**＜Q5＞**

**Kapag namatay ang aking aso, ano ang dapat kong gawin?**

**＜A5＞**

Dalhin ang etiketa na ibinigay nung panahon ng pagapaparehistro at ipagbigay-alam sa munisipyo ng tinitirhang munisipalidad.

**＜Q6＞**

**Nais ko sanang mag-alaga ng aso, maaari bang makahingi sa Public Health Center?**

**＜A6＞**

Una, pakitingnan ang homepage ng Gifu Prefecture na "Impormasyon sa mga ipinapa-ampon na aso at pusa." Kung mayroong listahan ng mga aso na maaaring ampunin, mangyaring makipag-ugnayan sa Public Health Center. Bilang karagdagan sa mga Public Health Center, ang Gifu Prefectural Animal Welfare Center at mga organisasyon ng kapakanan ng hayop ay naghahanap din ng mga bagong may-ari ng mga aso at pusa.

**＜Q7＞**

**Mangyaring sabihin sa akin kung ano ang dapat tandaan kapag mag-aalaga ng pusa.**

**＜A7＞**

Ang mga may-ari na nag-ampon ng pusa na may microchip ay dapat iparehistro ng kanilang bagong impormasyon.

Kapag mag-aalaga ng pusa, mangyaring tiyaking magbigay ng mga kagamitan sa pagkain at isang litter box. Kung iuuwi mo ang iyong pusa, subukang iuwi ng umaga upang mabilis itong masanay sa bago nitong kapaligiran. Pagdating mo sa bahay, mahalagang hayaan muna itong makapag-pahinga.

Kung magmamay-ari ka ng pusa, kakailanganin mong gumastos para sa pangangalaga nito, tulad ng pagkain at pagbabakuna.

Upang maiwasan ang hindi kanais-nais na pag-aanak at mabawasan ang panganib ng mga

nakakahawang sakit at aksidente sa trapiko, mangyaring suriin o i-neuter ang iyong alagang hayop at panatilihin ito sa loob ng bahay.

**＜Q8＞**

**Maaari nyo bang akuin ang pangangalaga sa aking pusa at aso?**

**＜A8＞**

Maaaring akuin ng Public Health Center ang panganagalaga sa inyong aso at pusa, subalit bago ito dalhin sa Public Health Center, mangyari lamang ay maghanap muna ng maaaring maging kapalit sa pag-aalaga ng pusa. Kung sakaling wala talagang mahanap na taong mag-aalaga sa hayop, sumangguni sa Public Health Center.

**＜Q9＞**

**Maaari bang isama ko pag-uwi sa aking bansa ang aso(pusa)?**

**＜A9＞**

Kapag ang aso o pusa ay isasama sa ibang bansa, kinakailangan munang linawin ang mga batayan o kondisyon sa paglabas ng bansang Hapon at batayan o kondisyon sa pagpasok sa bansa ng kabilang panig. Para sa mga detalye, mangyari po lamang ay magtanong sa Animal Quarantine Station.